# *GERALDINE GENTOZALA JUACHON*

Si Geraldine Gentozala-Juachon ay nagsimulang magsulat ng mga tula noong hayskul pa lamang. Matapos ang Sertipiko sa Malikhaing Pagsulat sa Filipino at kursong BA Araling Pilipino sa UP Diliman, nagtrabaho siya bilang copywriter sa telebisyon, at kalauna'y naging scriptwriter para sa isang programang pambata, lifestyle, at travel channel. Nakapagtrabaho rin siya sa pelikula at ilang ad agencies. Panandalian siyang tumira sa Tsina upang magturo ng Mass Comm at International Politics. Nang bumalik sa bansa, nagtrabaho sa events at naging kawani ng gobyerno sa turismo para sa Public Relations. Nagturo ng ilang taon sa isang pribadong paaralan para sa Senior High School at ngayon ay bumalik sa pagiging freelance writer. Napabilang sa writing fellows ng Palihang Rogelio Sicat 12 na ginanap sa Laguna, at na-publish kamakailan ang kaniyang mga dagli sa Liwayway Magazine.

# KARNE

Lugi na naman. Kalahati lang ng paninda niya ang nabili. Iniuwi niya sa bahay ang natira mula sa palengke at idineretso sa isang maliit na freezer sa kusina.

Nang umagang iyon, habang pinagmamasdan ng isang mamimili ang mga nakasabit na longganisa, liempong nakahiwa, at tipak-tipak ng karne sa ibabaw ng mesa, bigla itong nagwikang, “Botcha yata itong tinda mo.”

“Aba, hindi, a! Paano mo nasabi? Ba’t naman ako magtitinda ng bawal?” sagot niya.

“E bakit parang madulas sa hawak at malagkit? Iba rin ang kulay at sobrang mura,” paliwanag ng ale habang hinahawakan ang karne.

“Naku, kung hindi ka bibili, wag mong lamutakin yung tinda ko! Mamamalasin ako kapag ganyan ang kostumer! Mura na nga, marami ka pang reklamo.” Sadyang nilakasan niya ang kanyang boses, para marinig ng ibang nagtitinda at mamimili.

“Ang suplada mo! Tingnan natin kung may bumili pa ng mga tinda mo!” galit na wika ng ale. Matumal ang benta niya buong umaga.

Ilang saglit pa'y narinig ang katok sa pinto. Sinilip niya ang orasan. Tanghali na. Binuksan niya ang pinto at pinatuloy ang lalaki.

"Dumeretso ka na sa kwarto, maghuhugas lang ako," sabi niya.

"Sige, 'wag mo akong pag-antayin, a. Sa iyo at sa kape ko. Baka sa inip ko ipa-inspeksyon kita bukas," nakangising wika nito. Pumasok sa kuwarto ang pulis.

Habang nagsasabon, nangilid ang luha sa kaniyang mata. Mabilis niya itong pinahid at huminga siya nang malalim.

Kumuha siya ng tasa at nilagyan ito ng mainit na tubig mula sa thermos. Ibinuhos niya ang isang pakete ng 3-in-1, at bago hinalo ng kutsarita, idinagdag dito ang natitirang likido mula sa isang maliit na botelya.

Mamaya na niya aasikasuhin ang pagsunog sa mga karneng ilang ulit nang nilamas-lamas, mula sa babuyan, matadero, hanggang sa makarating ito sa palengke. Hindi na niya kailangang tanggalin ang dulas at lagkit nito.